

Petsa

Minamahal na Kustomer,

Tungkol sa: Numero ng Account: N/A

May isang class action na kaso na naka-file sa Superior Court California, ito ay ang *Jones v. City of Los Angeles*, Case No. BC577267, na kung saan ang reklamo ay sobra daw ang pagkakasingil ng Los Angeles Department of Water and Power (ang "LADWP") sa kanyang mga kustomer o kaya ay nakaranas ng iba pang mga pagkakamali sa pagsingil at ito ay dahil sa, at may kaugnayan sa, depektibong pagsasagawa ng bagong sistema ng pagsingil ng LADWP o kaya ay nakaranas ng mga pinsala bilang resulta ng pagsali sa solar incentive program ng LADWP (ang "Kaso").

Kaugnay sa Settlement sa Kaso, nagtakda ang Korte ng isang independiyenteng eksperto ng pagmasid sa sistema ng pagsingil upang beripikahin ang impormasyon ng LADWP at upang masiguro na ang pamamaraang ginagamit upang kanilang makilala kung alin sa mga account ang naapektohan ay tama at maaasahan. Sinaliksik ng LADWP ng kanyang sariling mga talaan, at hindi kayo nito kinikilala bilang isang miyembro ng alinman sa mga Subclass.

Bagama't hindi kayo kinilala bilang isa sa mga napinsala, maaari pa rin kayong magsumite ng isang Claim Form upang makatanggap ng pinansiyal na credit o refund kung naniniwala kayo na kayo ay: (i) hindi tamang napatawan ng singil na may kaugnayan sa inyong serbisyo sa kuryente, tubig, sewage o sanitation sa anumang panahon simula noong ika-3 ng Septiyembre, 2013 hanggang sa ika-30 ng Disyembre, 2016, na siyang hindi sumasailalim sa alinman sa mga Subclass na nakalista sa Settlement; o (ii) napinsala bilang resulta ng inyong pagsali sa solar incentive program ng LADWP sa anumang panahon simula noong ika-13 ng Pebrero, 2010 hanggang sa ika-30 ng Disyembre, 2016.

Upang malaman ang halaga ng credit o refund, kung mayroon man, na kayo ay maaaring kuwalipikadong matanggap, **kinakailangan ninyong magsumite ng isang Claim Form, na mayroong tatak-koreo na hindi lalampas sa ika-5 ng Hunyo, 2017. Maaari rin kayong magsumite ng isang Claim Form sa Elektronikong pamamaraan sa, o bago sumapit ang, ika-5 ng Hunyo, 2017.** May kasamang isang Claim Form sa liham na ito at maaari rin itong makuha sa www.ladwpbillingsettlement.com.

Karagdagan pa, kinakailangan ninyong magbigay ng mga dokumentong binanggit sa Claim Form upang makatanggap ng credit o refund. Kapag hindi ninyo isinumite ang Claim Form at ang mga hinihiling na mga dokumento sa pagsapit ng petsang binanggit, hindi kayo makatanggap ng isang credit o refund, kung mayroong man kayong nararapat na matanggap.

Ang inyong Claim Form ay susuriin at sasabihan kayo sa pamamagitan ng isang liham ng halaga ng pera, kung mayroon man, na inyong matatanggap bilang kaugnayan sa inyong claim.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa pagpapasiya sa claim, **mayroon kayong 30 araw upang humiling ng isang independiyenteng pagsusuri ng Special Master.** Upang magawa ito, kinakailangan ninyong magpadala ng isang liham na may pirma na: (i) nagsasabing hindi kayo sumasang-ayon sa halagang ibibigay sa settlement na base sa desisyon ng LADWP; (ii) ipinaliliwanag ang mga dahilan kung bakit hindi kayo sumasang-ayon sa halagang ito at kung magkaano ang halaga na sa inyong paningin ay nararapat ninyong tanggapin at kung bakit; at (iii) maglakip ng mga kopya ng lahat ng mga dokumento na magsusuporta ng inyong posisyon. Ipadala ang inyong kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri base sa tagubilin sa pagpapadala na nasa Class Notice.

Kung nais ninyong alisin ang inyong sarili sa Settlement na ito, kinakailangan ninyong gawin ito nang hindi lalampas sa ika-5 ng Hunyo, 2017. Kung inalis ninyo ang inyong sarili sa Settlement, hindi na kayo magiging kuwalipikado sa anumang mga benepisyo sa settlement, o para magsumite ng isang claim para sa anumang halaga, at isinusuko ninyo ang lahat ng mga karapatan para tutulan ang settlement. Gayunpaman, mananatili sa inyo ang inyong karapatan na ma-idemanda ang LADWP sa pamamagitan ng pagsampa nito ng inyong sarili o kaya ay sa tulong ng counsel para sa mga claim na nalutas sa settlement na ito. Para sa mga tagubilin kung papaano ninyo ma-i-aalis ang inyong sarili sa Settlement, pagmasdan po lamang ang Class Notice na kasama ng liham na ito o kaya ay tumawag sa 1-844-899-6219.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa liham na ito o sa inyong mga opsiyon sa ilalim ng Settlement, maari kayong tumawag sa 1-844-899-6219.

Sumasainyo,

Settlement Administrator